

1

Kalalabas pa lamang ni Grey sa arrival area ng airport ay narinig na niya ang tinig ng isang babae na tumatawag sa kanyang pangalan. Napangiti siya nang makita ang pinsang si Elizabeth na kumakaway sa kanya. Nagmamadaling nilapitan niya ito habang tulak ang baggage cart. Yumakap ito sa kanya nang makalapit siya.

“Grey! Welcome back,” natutuwang bati nito. Matanda siya rito ng limang taon at bukod sa pagiging pinsan, kinakapatid din niya ito dahil inaanak ito ng kanyang mama. “Kumusta ka na? Kumusta sina Ninang?” magkasunod na tanong ng babae.

“They’re fine, pet.” Hinawakan niya ito sa magkabilang balikat at bahagyang inilayo. May fondness na pinagmasdan niya ito. “My, my! Look at you. The last time I saw you, you were still wearing diapers! Sino ba’ng mag-aakala na lalaki kang ganyan kaganda?”

Lumabi ang dalaga at kunwa ay umirap sa kanya. “Well, beauty runs in the family, Grey. At hindi ako exception doon,” mayabang na tugon nito.

Tumawa siya nang malakas.

“Halika na. Baka abutan tayo ng traffic. Kanina ka pa hinihintay nina Mommy,” tukoy nito sa kapatid ng papa niya. Nauna na itong lumakad papunta sa pinagparadahan ng sasakyan nito upang maikarga nila ang mga bagahe niya. Nang nasa daan na sila ay saka ito muling nagsalita. “So how are you?”

“I’m fine,” matabang na sagot niya. His cousin gave him a side glance.

“Are you sure?”

He snorted. “Of course, I’m sure. It’s way behind me now, Liz,” sagot niya na sinabayan ng sulyap sa mga tanawing nadaraan.

“I’m sorry about what happened, Grey.”

He leaned back and closed his eyes. “Yeah, me too,” halos pabulong na tugon niya. Hindi na muli pang nagtanong ang pinsan. Binuksan na lamang nito ang car stereo.

A part of him felt guilty. Alam niyang maraming gustong itanong sa kanya ang dalaga at sa malao’t madali ay kailangan din niyang sabihin dito ang lahat. Ngunit hindi pa siya handang magkuwento rito. Hangga’t maaari ay ayaw pa niyang pag-usapan ang

nangyari sa kanya. Hindi pa ngayon na lubha pang sariwa ang sugat na iniwan sa kanyang puso.

“Balita ko’y may boyfriend ka na raw?” pag-iiba ni Grey sa usapan. Tinapunan siya ng isang pilyang sulyap ni Liz. “So who’s the lucky guy? Saan mo siya nakilala? Sigurado ka bang matino ang lalaking iyon?” sunud-sunod na tanong niya. Tinawanan lamang siya nito.

“You sounded like Daddy nang una kong ibinalita sa kanya ang tungkol kay Adrian!” kunwa’y reklamo nito.

“Aba! Mahirap na. Baka mamaya, paiyakin ka lang niyan.”

Lalong lumakas ang tawa nito. “Mabait si Adrian. He’s responsible bukod pa sa ubod ng guwapo!”

“Saan mo ba siya nakilala?”

“Well, tumawag siya sa cell phone ko minsan. Na-wrong number siya. Nabighani yata sa boses ko. Mula noon, hindi na ‘ko tinigilan, texted me almost everyday. We sort of clicked it off and the rest is history.”

“Lumang style na ‘yan! How old is he, anyway?”

Tumawa ang dalaga sa naging sagot niya. “Why

are you so negative?” Tinaasan niya ito ng kilay. “He’s thirty-two years old. Matanda ka lang ng buwan sa kanya.”

Tumangu-tango si Grey. “I see. Paano mo naman nasiguro na binata nga iyang lalaking iyan?”

Again, she gave him a disbelieving glance. Hindi nito naiwasang umiling at ngumiti habang sinasagot ang tanong niya.

“Kilala na siya nina Mommy at Daddy. And I’ve already met his parents. I assure you, he’s a certified bachelor.”

“I’d like to meet him.”

“Of course you will.”

“Basta siguruhin lang niya na hindi ka niya paiiyakin. Kung hindi, ako ang makakalaban niya.”

Nagmenor si Liz dahil medyo traffic sa kanilang unahan. Nang tuluyan silang huminto ay tinitigan siya ng pinsan.

“Salamat sa concern mo, Grey. Don’t worry about me too much. Adrian is an honest man and he loves me. Hindi niya ako sasaktan.”

“You can never be so sure, Liz,” mapait na

komento niya. Biglang nawala ang jovial mood sa pagitan nila.

“Hindi lahat ng tao’y katulad ni Shaine, Grey.”

“I know,” mahinang sagot niya. Sandaling namayani ang katahimikan sa magpinsan.

“Matulog ka muna kung gusto mo. Gigisingin na lamang kita kapag nasa Cavite City na tayo.”

“Sige.” Ni-recline ni Grey ang upuan at kontentong pinagmasdan ang mga tanawing nadadaan.

Sa loob ng dalawampu’t limang taong inilagi niya sa London ay dalawang ulit pa lamang siyang bumalik sa Pilipinas para magbakasyon. At sa nakikita niya ay malaki na ang ipinagbago ng bayang iniwan niya noon. He had been too busy making a fortune na nakalimutan na niyang balikan pa ang kanyang pinagmulan at ang mga taong bahagi ng kanyang kahapon. He was a successful architect at nagmamay-ari ng isang papalagong architectural firm sa Square Mile. Everything in his life seemed so perfect until Shaine came along.

Ipinikit niya ang mga mata at pilit inalis ang imahe ng dating kasintahan sa kanyang isip. He never dreamed of returning here just to mend a broken heart. Pero iyon talaga ang dahilan niya kaya siya

umuwi ng Pilipinas, upang makalimot.

Isang yugyog sa balikat ang gumising sa kanya.

“Nandito na ba tayo?”

“Yup! Malapit na tayo sa checkpoint.” May umahong pananabik sa puso ni Grey sa sinabi ng pinsan. He was six years old when his family migrated to London. Matagal na panahon din siyang nawala at bihira lamang siyang makabalita tungkol sa kanyang mga dating kaibigan at kakilala.

“This place had changed,” pansin ni Grey habang nagmamasid sa paligid.

Ngumiti si Liz. “You’ve been gone too long.”

Napangiti na rin siya. In his mind, he tried to picture the place as he remembered it. At hindi na siya nagtaka nang matuklasang wala na isa mang palatandaan ng dating lugar na kinalakhan niya noon. The place had indeed changed. Sumasabay na ito sa modernong panahon. He wondered if the people had changed, too. Suddenly, he missed his old friends. May mga pamilya na kaya ang mga ito?

Bahagyang bumagal ang takbo ng *Toyota Innova* na minamaneho ni Liz.

“Traffic?” tanong niya.

“Hindi. Inabutan kasi tayo ng labasan ng estudyante sa *San Sebastian*.”

Isang pribadong kolehiyo na malapit sa subdivision nila ang tinutukoy nito. Nagkibit-balikat lamang siya at muling itinuon ang pansin sa paligid. Habang umuusad ang kanilang sasakyan ay lalong tumitindi ang kanyang pananabik.

Pagsapit nila sa *San Sebastian College* ay lumiko pakanan ang kanilang sasakyan. Kumaliwa ito sa sangandaang dinaanan nila bago pumasok sa gate ng *Lover’s Lane Subdivision*. Napasulyap siya sa pinsan na nakatingin din pala sa kanya.

“You’ve missed this place?”

“Oo naman. The last time I was here ay noong mag-graduate ka ng high school.”

“Ikaw lang naman ang ayaw umuwi dito, eh.”

“Hindi sa ganoon. Masyado lang talaga akong busy sa negosyo.”

Iningusan lang siya ng pinsan. “Hmph! Nagpalusot ka pa!” Isang malutong na halakhak ang pinakawalan ni Grey bago iiling-iling na muling nilinga ang paligid.

Ang *Lover's Lane* ay isang pribadong subdivision na pag-aari ng isa sa mga prominenteng pamilya sa Cavite City. Sa pagkakaalam niya ay humigit-kumulang na isandaang bahay lamang ang nakatayo rito dahil hindi naman kalakihan ang lugar. Katunayan ay halos magkakakilala ang lahat ng mga nakatira rito. Although the place was small compared to first-class modern subdivisions outside of the city, malinis at tahimik ang lugar, bagay na siyang nagustuhan ng mga residente, na karamihan ay hindi naman taal na Caviteño.

“Buhay pa ba ‘yung puno ng mangga sa plaza?”

“Oo. Hindi talaga iyon pinapaputol ng mga homeowners. Pinalagyan pa nga nila ng bakod para hindi akyatin ng mga bata.”

Napangiti si Grey. Ang tinutukoy niya ay ang matandang puno ng mangga na nakatayo na sa subdivision bago pa man siya ipinanganak. May kakambal na alamat ang punong iyon na madalas ay ikinukuwento sa kanya ng mama niya noong maliit pa siya.

Noong panahon daw ng Hapon ay may isang dalagang Pilipina na umibig sa isang sundalong Hapones. Isang gabi ay basta na lamang sinugod ng mga sundalong Hapones ang bahay ng babae dahil

sa hinalang isang guerilla ang ama nito. Pinatay ng mga ito ang pamilya ng dalaga at nang ito naman ang aktong sasaksakin ng bayoneta ay pahangos na humarang ang kasintahan nito. Duguang bumagsak ang lalaki sa mga bisig ng dalaga na dahil sa pighati ay sumumpang magsasama sila hanggang kamatayan. Inagaw nito ang bayoneta mula sa isang sundalo at kusang nagsaksak ng sarili. Humimlay ito sa tabi ng kasintahan at magkawak-kamay silang sabay na nalagutan ng hininga. Pagkatapos noon ay sinunog ng mga sundalo ang buong kubo kasama na ang mga bangkay na nasa loob.

Ilang araw lamang ay may sumibol na halaman sa kulumpon ng abo at iyon nga ang punong mangga na nasa pinakagitna ng subdivision.

Ayon pa sa matatanda ay may mahika raw ang naturang puno. Ang sinumang may malinis na puso at tapat na hangarin na humiling dito ng minamahal ay kaagad nitong pagkakalooban. Marami na raw sa mga residente ng subdivision ang nakapag-asawa at namuhay nang maligaya dahil lang sa paghiling sa naturang puno, bagay na hindi naman pinaniniwalaan ni Grey.

Maybe it was pure coincidence. Some people were destined to be lucky in love the first time, some

were meant to get hurt before given a second chance and some were meant for solitary existence.

Saan kaya ako nabibilang? tanong niya sa sarili. Napabuntong-hininga siya. Sariwa pa ang sugat sa kanyang puso. Only time will tell if he would ever fall in love again.

Sandaling naputol ang kanyang pag-iisip nang lumiko ang sasakyan sa pinaka-parke ng subdivision. May ilang kabinataan na naglalaro ng basketball ang sandaling tumigil at sabay-sabay na tumingin sa iisang direksyon. Nagtatawanan pa ang mga ito at nagbubulungan. Isa sa mga binatilyo ang pumito, sabay hiyaw naman ng iba. Sinundan niya ng tingin ang tinitingnan ng mga ito.

A petite girl riding a bike came into view. Nakasuot ito ng midriff blouse na masyadong mababa ang neckline at short shorts. Labas ang cleavage nito at pati na rin ang bilugang mga hita. Halos makita na rin ang singit nito sa bawat pagpadyak sa pedal. Obvious namang alam nito na pinagtitinginan na ito ng mga tao, ngunit parang wala itong pakialam na halos lumabas na ang lahat ng dapat nitong itago. Nang mapansin ng babae ang papalapit nilang sasakyan ay huminto ito sa pagbisikleta. Nagmenor si Liz. Nang magkatapat ay itinigil nito ang kotse at

ibinaba ang salamin.

“Liz!”

“Hi, Dani! Saan ka pupunta?”

“Diyang lang sa palengke. Naubusan ako ng curry powder. Nagpaluto kasi si Mrs. Ramos ng chicken curry. May bisita yata siya mamayang dinner,” sagot nito in a very sexy bedroom voice.

Tumaas ang isang kilay ni Grey kahit ni hindi man lamang sumulyap sa kausap ng pinsan. *Pupunta sa palengke ng ganoon ang suot? Why the hell do you care?*

“Who’s he?” prangkang tanong nito. Sandaling sulyap lang ang ibinigay niya sa dalaga. Napansin na niya kanina na maganda ito, ngunit mas maganda pala ito sa malapitan. At may karapatan itong ipakita ang katawan. Makinis ang kutis nito at mamula-mula. And she was well endowed in the right places.

“Oh! This is my cousin, Grey.” Binalingan siya ni Liz. “Grey, ito naman si Danielle, kaibigan ko.”

Sandaling pinasadahan niya ng tingin ang kabuuan ng dalagang nakasakay sa bisikleta. At kamuntik na siyang napasimangot sa ayos nito, hindi dahil hindi ito kaaya-ayang tingnan. She was

way too sexy in her attire na mas bagay yata sa loob ng isang pribadong silid sa halip na sa pagpunta sa palengke. No wonder those kids were momentarily stunned! Napako ang mga mata niya sa dibdib nito at mistulang lumipad na ang kanyang utak sa sensual thoughts.

Isang tikhim ang nagpahinto sa tinatakbo ng kanyang isip. Nang pagmasdan ni Grey ang mukha ni Danielle ay isang pilyang ngiti ang nakaguhit sa mga labi nito. Titig na titig din ito sa kanya. Bigla siyang pinamulahan ng mukha.

“Hi, Grey! Nice to meet you.”

Damn! He was feeling very hot! At mukhang alam iyon ng dalaga base na rin sa ekspresyon ng mukha nito. His sudden reaction to her charms amazed and the same time, angered him.

“Hi,” matabang na sagot niya at pilit na ibinaling ang pansin sa ibang bagay.

“Mukhang naiinip na ang pasahero mo. Mabuti pa’y tumuloy na kayo. Pupunta na lang ako mamaya sa inyo para makapagkuwentuhan tayo,” baling ng babae sa kanyang pinsan.

“O sige, mabuti pa nga. Patikman mo kami ng chicken curry mo, ha?”

“Oo ba! Sige, mauna na ako.”

“Sige.” Nag-pedal palayo si Dani habang pinaandar muli ni Liz ang kotse. Sa rearview mirror ay tanaw pa ni Grey ang papalayong dalaga at ang mga taong napapatangang nakatitig dito. At hindi niya maintindihan kung bakit nakakadama siya ng galit. Nang sulyapan niya si Liz ay napansin niyang nakatingin pala ito sa kanya.

“What?” naiinis na tanong niya. Nailing na ibinalik na lamang nito ang pansin sa pagmamaneho.

Nang sapitin nila ang bahay ng kanyang pinsan ay malugod siyang tinanggap ng tiyahin. Tuwang-tuwa ito na makita siyang muli. Wala pa roon ang kanyang Tito Mark dahil naka-duty ito sa ospital. Isa itong surgeon samantalang registered nurse si Liz, katulad ng mommy nito.

“Mabuti naman at umuwi ka. Naku, alam mo bang katatawag lamang ng mama mo at itinatanong kung narito ka na?”

“Tita, alam mo naman ang Mama, masyadong protective. Nakakalimutan kasi na treinta y dos años na ako,” napapantastikuhang komento ni Grey.

“You can’t blame her, pagkatapos ng nangyari sa iyo.” Dagling napalis ang ngiti sa mga labi ng binata.

“Ah, Mommy, ang mabuti pa’y hayaan na muna nating makapagpahinga si Grey,” sabad ni Liz. “Tatal nama’y maaga pa para mag-lunch.”

“Mabuti pa nga. Tumawag din pala ang daddy mo, nagpapasabing hintayin siya sa tanghalian.” Binalingan siya ni Tita Nellie. “Ang mabuti pa’y magpahinga ka na muna sa guest room habang hinihintay natin ang Tito Mark mo.”

“Sige po, Tita.”

2

Malalim na ang gabi ngunit hindi pa rin dalawin ng antok si Grey. Naninibago siya sa klima at sa oras. Matapos magpabiling-biling sa higaan ay ipinasya niyang bumaba muna upang magpahangin. Hindi na siya nag-abala pang buksan ang ilaw sa kusina. Derecho siyang lumabas papunta sa garden at naupo sa pandalawahang swing na naroon. Kahit madilim na ay aninaw naman niya ang dinadaan dahil bahagyang natataglwan ng ilaw mula sa front porch ang unahang bahagi nito.

Nagsindi siya ng sigarilyo at sumandal.

The whole day went well. Nakasalo nila sa tanghalian ang kanyang tiyuhin na sabik ding sumalubong sa kanya. Masaya ang naging kuwentuhan at balitaan nila. Pero wala isa man ang nagtangkang ungkatin ang tungkol sa nangyari sa kanila ni Shaine, bagay na ipinagpapasalamat niya. Elizabeth's parents were considerate people despite their obvious curiosity. Alam niyang hinihintay lamang ng mga ito na siya ang magbukas ng paksa. And in time he will.

“Can't sleep?” came a voice behind him.

Nalingunan niya ang pinsan na nakatayo isang dipa mula sa kanyang kinauupuan.

“Ikaw pala.” Tumuwid si Grey ng upo at umusod nang kaunti upang bigyang-lugar si Liz. Naupo ito sa tabi niya. “Naninibago lang ako sa oras.”

“Jet lag.”

“Oo nga. Bakit gising ka pa?”

“Bumaba lang ako para uminom ng tubig. Nakita kitang lumabas ng kusina kaya sinundan kita.” Bumuntong-hininga ito. “Pasensya ka na sa Mommy kanina, ha?” hinging paumanhin nito na ang tinutukoy ay ang nasabi ng ina nito nang nasa guest room na sila. Nadulas kasi ang dila nito at nabanggit ang tungkol sa pagkakaospital niya.

“It’s okay. I know they’re just concerned about me.”

“Yeah. Hindi mo lang alam kung gaano ang pag-aalala nina Mommy nang mabalitaan nilang nasa ospital ka.”

“I’m sorry, pet, kung pati kayo ay nadamay sa katangahan ko,” mapaklang tugon niya.

Tinapik ng dalaga ang kanyang balikat.

“It’s not your fault, Grey. And we’re just glad that you’re on your feet again.”

“Yeah!” matabang na sagot niya na pilit pinasigla ang tinig.

“At malay mo, dito mo pala makita ang babaeng nakatadhana sa iyo.”

Doon na siya napangiti. “Come on, Liz!”

“Why not? Nakita ko kung paano mo tinitigan si Dani kanina,” anito, may panunudyo sa tinig.

Nang bandang hapon ay dumating ang dalagang tinutukoy na may bitbit na isang bowl ng chicken curry at isang tray ng baked lasagna. Kasalo rin nila ito sa hapunan. Panay ang puri ng kanyang tiyahin sa luto nito. Halata niyang at home na at home na si Dani sa bahay nina Liz at parang anak na rin ang turing dito ng mag-asawa.

“Iyong kaibigan mo na kulang na lang ay maglakad nang nakahubad?” Ang lakas ng tawa ng pinsan sa tinuran niya. “Oh, please, Liz! She’s not my type. At wala akong balak na patulan siya.”

“Well, sabihin mo uli sa akin iyan once you get to know her,” hamon nito.

“Huwag mong sabihing balak mong i-matchmake

kami?” Isang pilyang ngiti ang isinagot nito. “Give me a break, Liz! Hindi ako umuwi dito para maghanap uli ng isang makakarelasyon.”

“Are you saying that you’re closing your doors?”

Umiling ang binata. “I’m not closing any door. I’m just saying, this isn’t the right time to fall in love again. I don’t think I can, at least, not now.”

“Well, okay. Pero mukhang may crush sa iyo si Dani.” Napangiwi si Grey sa tinuran ng pinsan at muling isinandal ang katawan. Panay ang tanong ng babae sa kanya kanina. He only answered in monosyllables. Marahil ay nakahalata rin ito kalaunan na tila wala siyang gana dahil hindi na muli ito nagtangka pang makipag-usap sa kanya. Pero madalas niyang mahuli itong nakatingin sa kanya. And everytime their eyes meet, she smiled playfully at him. Bagay na lalo niyang ikinairita.

“Don’t judge her based on the way she dresses, Grey.”

Hindi siya nakakibo.

“Dani could be so eager and naughty most of the time. Pero *hindi* siya masamang babae. Sa pagtigil mo dito’y marami kang maririnig tungkol sa kanya, pero ako na ang nagsasabi sa iyo that none of the

rumors are true.”

“How can you be so sure?”

“I know, Grey, because she’s my friend.” Pinagmasdan niya ang pinsan; seryoso ito. “I won’t force her to you, pero hindi ko maipapangako na mapipigilan ko siya sa paglapit sa iyo. Dani always does what she wants. I’m just asking you to be nice to her.”

“Liz...”

“Maaasahan ko ba na hindi mo babastusin ang kaibigan ko?”

Sandaling napaisip si Grey. Bakit ipinakikiusap iyon ng pinsan sa kanya? Alam naman nitong kahit kailan ay hindi niya magagawang mambastos ng babae.

“Grey?”

“Yes, of course! Kilala mo naman ako.”

“I still want your word for it.”

“You have it, pet!” nakangiting assurance ng binata. Ngumiti na rin ito at tumayo.

“Good! Paano, mauuna na ako sa ‘yo.’”

“Okay, go ahead. Aakyat na rin ako mayamaya.”

Lumakad na si Liz papasok sa loob, ngunit nakakailang hakbang pa lamang ito nang muli siyang tawagin nito.

“Grey?”

“Hmm?”

“It’s nice to have you here again. We missed you.”

Nilingon ni Grey ang pinsan at nginitian.

“I missed you too, pet.” Tumango lamang ang dalaga bago tuluyang pumasok sa loob. Nang muli siyang mapag-isa ay naisip niya ang kanyang sitwasyon.

Grey thought he had it all. A loving family, trustworthy friends, a good career, a budding business and a special woman whom he thought loved him as much as he loved her.

Shaine. He never thought she could hurt him hard the way she did. Sadya nga lamang na hindi kasintindi ng naging damdamin niya rito ang naramdaman nito para sa kanya. And the love she had for him was not enough for her to give up her freedom and marry him.

Si Shaine ay isang nurse na nakilala niya nang minsang dalawin niya ang isang kaibigang naospital. The moment he saw her, alam na niyang ito na ang babaeng matagal na niyang hinahanap. Wala siyang inaksayang panahon para suyuin ito. And not long after, sinagot siya ng dalaga. Hindi pa man sila nagtatagal na magkasintahan ay niyaya na niya itong magpakasal. Wala siyang pakialam kung hindi man siya ang unang lalaki sa buhay nito. Ang mahalaga ay mahal niya si Shaine.

She was hesitant at first to accept his marriage proposal, pero kalaunan ay nakumbinsi rin niya ito at wala siyang pagsidlan ng tuwa. He even began the construction of their love nest that was meant to be a gift for her on their wedding night. Pero ang kasal na pinapangarap niya ay hindi nangyari. Hindi ito sumipot sa mahalagang araw na iyon. Tanging isang sulat na humihingi ng kapatawaran ang iniwan nito para sa kanya. He was devastated! Idagdag pang napahiya ang kanyang buong pamilya sa ginawa ng bride.

Isang linggo makalipas ay pinuntahan siya ni Shaine sa pad niya.

“May lakas ka pa ng loob na pumunta dito, pagkatapos ng ginawa mo!” he said. Gusto niyang

saktan ang dalaga para man lamang maibsan ang sakit na nararamdaman niya, ngunit nanaig pa rin ang matinong bahagi ng kanyang isip. Hurting her physically would not change anything that has happened. He might as well hear her reasons.

“Alam kong nasusuklam ka sa akin, Grey. And honestly, mas gusto ko ngang magalit ka sa akin. That way ay mas madali mo akong makakalimutan,” she replied. Puno ng pagpapakumbaba ang tinig nito. “Believe me, I never meant to hurt you, Grey.”

“You did, Shaine! At hindi ko maintindihan kung bakit.” Puno ng hinanakit ang kanyang tinig. “What did I do wrong? Ano’ng nagawa ko para pagtaksilan mo ng ganito?”

“Wala kang ginawang masama. At kung kaya ko lang turuan ang puso ko’y hindi ko nanaising saktan ka nang ganito. Pero hindi ko kaya, Grey. God knows, minahal din kita. Pero hindi sapat ang pagmamahal na iyon para ikulong ka sa isang pagsasamang hindi ko tiyak kung kaya kong pangatawanan habang-buhay,” lumuluhang pahayag ni Shaine.

He looked at her with disbelief in his eyes.

“Noong makilala mo ako, I was mending a broken heart. Basta na lamang naglahong parang bula

ang boyfriend ko nang wala man lamang closure sa relasyon namin. I guess it was just rebellion on my part kaya sinagot kita. But you are such a good man that I finally found myself loving you one day. But a big part of me was still hoping that Josh would return. Kahit alam kong unfair iyon para sa iyo, I just can't help myself. And he did return, a week before our wedding.”
Napabuga ng hangin ang binata.

A week before their wedding ay kinakitaan niya ng pananamlay ang kasintahan. He put it off as pre-wedding jitters. Wala siyang kamuwang-muwang na mas higit pa pala roon ang nararamdaman nito.

“Sinikap kong iwasan siya. But I just can't. Mahal ko siya, Grey! I'm sorry.” Humagulhol ito.

Pinagmasdan niya ang dating kasintahan; dama niya ang paghihirap ng kaloobang nararamdaman nito. And deep inside ay wala siyang makapang galit dahil sa betrayal nito. Sa buong panahong magkasama sila ay naramdaman din naman niyang minahal siya ng dalaga.

And she was a good woman. Hindi nito kasalanan kung sadyang mas nakahihigit ang nararamdaman nitong pagmamahal para sa dating kasintahan kaysa sa kanya. At sa isang banda ay may punto rin ito. Mas higit siyang masasaktan kung iniwan siya ni Shaine

sa panahong kasal na sila.

“I’m... I’m not asking you to forgive me, Grey. Gusto ko lang unawain mo kung bakit ko nagawa ito. And believe me, I never meant to betray you.”

Ilang sandaling tinitigan lamang niya ang mukha ng kaharap. There was no pretense in her eyes.

“Umalis ka na, Shaine,” matabang na sabi ni Grey. Napayuko ang dalaga at tahimik na tumayo. Nang nakatalikod na ito ay muli siyang nagsalita. “I... I wish you all the luck, Shaine. A-and thank you. For being honest with your feelings.”

Bigla itong bumaling paharap sa kanya, hindi makapaniwala sa narinig. He smiled at her at ngumitin rin ito sa kanya. Marahan itong tumango bago tuluyang lumabas ng kanyang pad. And that was the end of their relationship. Ang huling nabalitaan niya ay nagpakasal na ito sa dating kasintahan.

Magmula noon ay mas lalo pang isinubsob ni Grey ang sarili sa pagtatrabaho. Halos hindi na niya binibigyan ng panahon ang sarili kahit anong paalala pa ng kanyang mga magulang at mga kaibigan. And he started taking sleeping pills para madali siyang makatulog sa gabi. Ayaw na niyang mag-isip, ayaw na niyang panghinayangan ang nawala sa kanya.

Wala siyang balak magpakamatay, ngunit iyon ang naging espekulasyon ng kanyang pamilya nang maospital siya dahil sa overdose ng sleeping pills. And it was then that he realized what his family was going through dahil na rin sa pag-aalala sa kanya. His mother almost had a nervous breakdown dahil na rin sa takot na mamatay siya. And his father was no less worried.

Mas lalo niyang kinainisan ang sarili. Hindi na dapat umabot pa sa ganito ang lahat kung naging matapang lamang siyang harapin ang kanyang kabiguan. His parents didn't deserve the kind of stress he was giving them. And right then, nangako siya sa sariling hinding-hindi na niya bibigyan pang muli ng alalahanin ang mga magulang.

Nang mag-suggest ang mama niya na umuwi muna siya sa Pilipinas upang magbakasyon ay hindi na siya tumutol pa. Maybe a new surrounding will help him forget. And so, here he was.

Muli siyang nagbuga ng usok at tumingala. Maaliwalas ang buong kalangitan. Tumatanglaw sa buong subdivision ang liwanag ng bilog na buwan at ng libo-libong bituin. Tanging mga huni lamang ng mga panggabing kulisap na sumasabay sa pagaspas ng mga sanga ng punong-kahoy ang nagsisilbing

melodiya ng magdamag.

Iginala niya ang paningin sa paligid. Nadako ang pansin niya sa bungalow na katapat lamang ng bahay ng kanyang tiyahin. It was their former house. Natatandaan niyang ibinenta ito ng kanyang mga magulang along with several of their furnitures noong bago sila mag-migrate sa London. Ang alam niya ay isang kakilalang teacher ng kanyang papa ang nakabili ng naturang propiedad.

Wala siyang nakitang kakaiba sa dati nilang bahay. It looked the same as they had left it. Ngunit may kung anong mahika na nagbulong sa kanyang huwag alisan ng paningin ang naturang bahay at maghintay.

The light on one of the rooms was on at may naaaninag siyang isang anino na naglalakad sa loob niyon. It was his former room. Ilang sandali pa'y nakita niya ang pigura ng isang babae na naupo sa pasimano ng bintana. Sa distansyang kinalalagyan niya ay tanaw niya ang paglilis ng pantulog nito nang itaas nito ang dalawang paa upang yakapin ang mga tuhod. At halos masilaw siya sa bilugan at mapuputing hita na tumambad sa kanyang paningin.

He swallowed hard, involuntarily! And he felt something stir within him.

3

The man of my dreams has almost faded now. The one I have created in my mind. The sort of man every woman dreams of, in the deepest and most secret reaches of her heart. I can almost see him now before me. What would I say to him if he were really here?

“Forgive me. I have never known this feeling. I have lived without it all my life. Is it any wonder, then, I failed to recognize you? You, who brought it to me for the first time. Is there any way I can tell you how my life have changed? Any way at all to let you know what sweetness you have given me? There is so much to say... I cannot find the words. Except for these: I love you.” Such would I say to him if he were really here.

Halos kabisado na ni Dani ang mga katagang iyon mula sa pinapanood na pelikula sa DVD player. Isa iyong tagpo sa *Somewhere In Time* na pinagbidahan nina Christopher Reeve at Jane Seymour. Nang una niyang mapanood ang naturang pelikula ay napaiyak siya, and since then, paulit-ulit at walang sawa niyang pinapanood itong muli kapag nababagot siya. And just like the first time, it never failed to make her cry.

Para sa isang katulad niya, isang obsession na

ang makahanap ng isang tunay na pag-ibig. She had been alone almost all of her life. Nagkaisip siyang bibihirang makasama ang ina na palaging abala sa trabaho, gayundin ang ama na mabibilang lamang niya sa mga daliri ang mga araw na umuuwi sa kanila. Sa murang edad niya ay natuto at nasanay na siyang alagaan ang sarili. No one was there to take care of her in the first place. She had to learn to be independent and strong.

Abnormal man ang nakagisnan niyang buhay, minsan ma'y hindi niya binigyang-daan ang pagdaramdam. Marami mang katanungan sa kanyang isip, isinasantabi niya ang pagtatanong. Alam niyang mahal siya ng mga magulang. Sadya nga lamang sigurong nais ng mga itong mabigyan siya ng isang magandang kinabukasan kaya't inuuna ng mga ito ang trabaho kaysa sa kanya.

Nasa high school na siya nang matuklasan niya ang katotohanan ng kanyang pagkatao. At ang masakit pa'y nangyari iyon sa isang kahiya-hiyang insidente. Bunga pala siya ng isang bawal na relasyon. Nalaman na ng tunay na pamilya ng kanyang daddy ang tungkol sa kanilang mag-ina. Sinugod siya ng mga ito sa mismong paaralan na pinapasukan niya at ipinahiya.

Nang malaman ito ng kanyang ama ay tanging ang salitang 'sorry' lamang ang nasabi nito. He turned a blind eye and her mother could not retaliate. How could she when she didn't have the right to do that to start with? Ipinasya na lamang ng kanyang ama na ilipat sila ng tirahan. And soon, mas lalong dumalang ang pagdalaw nito sa kanila. Hanggang sa isang araw ay hindi na ito muling dumalaw pa. Her father chose to forget them, just like that!

Kaya pala bibihira itong umuwi sa kanila. Kaya pala minsan ma'y hindi siya nito ipinasyal noong maliit pa siya at ni hindi man lamang sumasama sa school affairs niya. Simula't sapul pala ay pangalawa lamang sila sa buhay nito. Nasagot man ang maraming katanungan sa kanyang isip, dobleng sakit naman ang iniwan nito sa kanyang batang puso.

Her mother became bitter and angry. Alam niyang naaawa ito sa kanya, ngunit wala itong magawa. Mas lalo nitong isinubsob ang sarili sa trabaho upang makalimutan ang lahat ng nangyari sa kanila.

After Danielle's debut, her mother left for Japan to work. At hanggang ngayon na beinte-cuatro na siya ay hindi pa ito umuwi. At batid niyang wala na itong balak na umuwi pa. Wala nang rason upang naisin pa nitong bumalik. May sarili na rin itong pamilya

sa Japan. Napangasawa nito ang dati nitong boss na isang biyudong Hapones na may isang anak na lalaki.

Napangiti si Dani nang maalala ang huling pagbisita niya sa ina noon lamang isang taon. Mabait ang napangasawa nito at nakita niya kung gaano nito kamahal ang kanyang ina. Maging ang anak nito na matanda lamang sa kanya ng isang taon ay kasundo rin nito. Her mother was truly happy. She was finally living the life that she deserved and she was happy for her. Maging siya ay wala ring naging problema sa kanyang stepfather at stepbrother. They welcomed her as part of their family, even convinced her to stay with them permanently. Pero magalang siyang tumanggi.

Maybe someday it'll be her turn to be happy. Maybe she'll find love somehow and put back the pieces of her shattered heart together. She only wished that that *someday* would come soon.

Tumayo si Dani at umupo sa pasimano ng bintana.

Hindi siya inosente pagdating sa relasyon. She had been in and out of relationships and was even branded as the town's flirt dahil lahat na yata ng kabinataan sa kanilang lugar ay naging boyfriend niya. And all her relationships ended as quickly as

it started. Partly, it was her fault dahil hindi niya magawang ibigay ang intimacy na hinahanap ng mga ito. She allowed her boyfriends to kiss her and touch her. Ngunit sa oras na humiling na ang mga ito ng higit pa roon ay umaayaw na siya. Or maybe, she haven't been truly in love with any of them.

She sighed. Oh, how she wished she would fall in love! That kind of love that will transcend physical boundaries katulad ng mga romance stories na napanood at nabasa na niya. A love that will transform her life into a fairy tale with a happily-ever-after ending. Pero ano ba ang alam niya sa pag-ibig? Paano ba nalalaman ng isang tao na nagmamahal na nga siya nang totoo?

Napukaw ang pag-iisip ng dalaga nang mapatingin sa katapat na bungalow. A movement caught her eye and her heart skipped a beat.

Grey!

Funny! Kahit madilim sa bahaging iyon ng kabahayan ay nakilala niya ang bultong nakita niyang kumilos. At hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit ganoon ang kanyang pakiramdam. Of course she could be mistaken. It could be Tito Mark pero hindi! May nagbubulong sa kanya na ang balikbayang binata iyon, and it was odd!

Marahil ay may jet lag ito at hindi makatulog. May kilig siyang naramdaman nang balikan sa isip ang imahe ng guwapong mukha nito.

Aloof at walang pakialam si Grey kaninang nakasama siya ng mga ito sa hapunan. Hindi nito naitago sa kanya ang disgusto sa presence niya. Ngunit hindi rin nito nagawang itago ang naging epekto ng kanyang alindog sa katauhan nito. May malisya siyang naaninag sa bawat palihim na sulyap nito sa kanya.

Well, they may have started on the wrong foot but his obvious desire for her was a good start. At iyon ang gagamitin niya upang mapalapit sa binata. Grey was definitely one hard shell to break, but she's also one determined nutcracker!

Napangiti ang dalaga sa naisip, itinaas ang dalawang paa and unconsciously hugged her knees. Nalilis ang pantulog na suot niya, making her look like an alluring siren out for seduction.

Samantala, nabitin na sa ere ang sigarilyong hawak ni Grey at sunud-sunod na lunok ang ginawa niya.

“Shit!” he cursed out loud nang maramdaman ang pagkabuhay ng kanyang pagkalalaki.

Had he become a sex-starved maniac na sa kaunting laman lamang na mahahantad sa kanyang paningin ay makakadama na ng pagnanasa? What was wrong with him? Kahit si Shaine ay hindi nagawang pukawin nang ganoon kabilis ang kanyang libido! At sino ang babaeng iyon na wala man lang pakialam na ibinabandera ang katawan para sa sinumang gustong makakita?

Ikaw lang naman ang gising at malay ba niyang pinapanood mo siya? buska ng kanyang konsyensya.

“Damn!” again he cursed. Marahas na pinatay ang sindi ng sigarilyo, padabog na tumayo si Grey at pumasok sa loob ng bahay. He needed a cold shower!

“Good morning, Tita,” bati ni Grey sa tiyahing kasalukuyang nagdidilig sa hardin. Alas diez na ng umaga at kagigising lang niya.

“Good morning din, hijo. Bakit kape lang ang iniinom mo? Bakit hindi ka muna mag-breakfast?” puna nito.

“Malapit na po ang lunchtime, Tita.” He guiltily smiled. “Sorry I overslept.”

Isang mahinang tawa ang pinakawalan nito. “It’s

okay, hijo. Alam naman naming naninibago ka pa sa oras. Sigurado ka bang ayaw mong mag-almusal?”

“Okay na po ‘to,” aniya na itinaas pa ang puswelo ng kape. “Hindi rin naman ako sanay na nag-aalmusal.”

“Hay naku, that’s a bad habit! You should always eat breakfast,” litanya ng tiyahin na sinagot na lamang niya ng iling. Lagi nang maalaga lalo na sa pagkain ang kanyang Tita Nellie. Isa rin kasi itong nurse katulad ni Liz. Nagpasya na lamang itong tumigil na sa propesyon nang ipanganak ang kanyang pinsan.

“Kung sabagay, malapit na ngang magtanghalian. Nagpaluto pa naman ako ng paborito mong tahong na inadobo sa gata.”

“Wow! Sarap naman n’un. ‘Yan ang mga na-miss ko abroad!” Lumapad ang ngiti ni Grey. “Pero parang wala naman po akong nakitang niluluto ni Manang Mildred sa kusina.”

“Hay naku! Iluluto na nga sana ni Mildred kanina ang ulam na ‘yon. Eh, biglang dumating si Dani. Ayun, inako na ang pagluluto. Mayamaya lang ay nandito na siya dala ‘yung niluto niya. And believe me, knowing that girl, hindi lang iyon ang kanyang bitbit,” natatawang sagot ng ginang. Mabuti na

lamang at nakatalikod ito sa kanya kaya hindi nito nakita ang pag-ismid na ginawa niya.

“Mukhang labas-masok na dito ang babaeng iyon, Tita.”

“Ay naku, tama ka. Magkaibigang matalik si Liz at ang batang iyan. They’ve been friends mula pa noong lumipat sina Dani diyan sa dating bahay ninyo.” Muntik nang maibuga ni Grey ang iniinom na kape. Nagtatakang nilingon siya ng tiyahin. “Ano na’ng nangyari sa iyo?”

He faked coughing. “Okay lang ako, Tita.” Inilapag niya ang tasa ng kape at muling nagtanong sa kausap. “Ibig n’yong sabihin, sina Dani ang nakatira diyan sa dati naming bahay? What happened to the previous owners?”

“You mean, sina Mrs. Valdez? Iyong kaibigan ng papa mo?” Isang tango ang isinagot niya. “Her husband died two years ago kaya’t nagpasya iyong isang anak niya na isama na siya sa America. Pero sa kanila pa rin naman iyang bahay, inuupahan lang ni Danielle.”

He nodded. “Sino ho ba ang kasama ni Dani diyan?” Ininguso niya ang katapat nilang bungalow.

“Actually, she’s living alone. Nasa Japan ang

mommy niya at may sarili nang pamilya. And as for her father...” Sandaling tumigil sa pagsasalita si Tita Nellie at inayos ang isang paso na nawala sa lugar. “Hindi niya alam kung nasaan ang kanyang ama. Anak lang kasi siya sa labas,” parang bale-walang patuloy nito.

He became silent for a minute. There was a deep frown on his forehead when his aunt turned to look at him.

“You seemed so surprised. Hindi ka siguro makapaniwalang alam ko halos lahat ng tungkol sa personal na buhay ni Dani, ano?” nangingiting tanong nito.

“Well, we all knew. Dahil simula pa lamang ay ipinagtapat na lahat sa amin ni Dani ang tungkol sa pagkatao niya.” Tinangka nitong buhatin ang isang paso. Tumayo si Grey upang tulungan ang tiyahin. Nang mailagay niya ito sa gusto nitong puwesto ay nagpatuloy ito sa pagkukuwento. “Alam mo, iyan ang isang ikinagusto ko diyan sa batang iyan. She’s not pretentious. Katuwiran niya’y malalaman at malalaman din naman daw namin ang tungkol sa pagkatao niya, kaya siya na mismo ang nagsabi sa amin.”

“At mukhang nakuha naman niya ang loob

ninyo,” he commented a bit cynically. Mabuti na lamang at hindi iyon nahalata ng kausap.

“Mabait na bata iyang si Dani. Medyo sumosobra nga lang ang pagiging prangka kung minsan pero maaasahan mo iyan. And she’s also one sweet girl. Kaya nga magkasundo sila ng pinsan mo; halos pareho sila ng pag-uugali.”

Except that Liz is a more decent dresser than her, gusto sana niyang idugtong. Muli niyang inabot ang tasa ng kape at uminom. Sa gilid ng kanyang mga mata ay nakita niya kung paano siyang titigan ng kanyang tiyahin.

“May problema po ba?” nagtatakang tanong ni Grey.

“Wala naman, hijo. Ngayon ko lang kasi napansin na parang interesado ka kay Danielle.” May himig panunukso ang tinig nito. Even her eyes were dancing. Grey rolled his eyes heavenward.

“Oh, please, Tita. Huwag mong sabihing pati kayo’y may balak na pumapel na matchmaker!” eksaheradong reklamo niya.

Tumaas ang isang kilay nito, her eyes never leaving him and her smile never fading from her face.

“Wala pa ho akong balak na pumasok muli sa isang relasyon, Tita. And honestly, I don’t think I can, ever again.” Malungkot siyang napangiti.

Narinig niyang napabuntong-hininga ang kanyang tiyahin. Kumilos ito at naupo sa tabi niya. She held his hand in hers.

“I know how you feel, Grey. You’ve been through a lot and I can’t even imagine the hurt that you’ve felt. Pero hindi maghihilom ang sugat sa puso mo kung patuloy kang magmumukmok. Sometimes, the most effective remedy for a broken heart is to fall in love again.

“Huwag mong pigilan ang sarili mo just because you’re afraid of going through the same heartaches. It’s the risk everyone of us has to take. It’s how we learn to value each relationship no matter how painful the outcome has been. And you know what? In the end, when you’ve finally found the one who’s destined for you, you’ll realize that everything you’ve been through was worth it.”

Tanging tango lamang ang naisagot ni Grey. Tama ang tiyahin niya. Hindi niya magagawang limutin si Shaine kung patuloy niyang sarahan ang kanyang puso sa muling tawag ng pag-ibig. Pero paano niya magagawang magtiwalang muli kung sa

bawat babaeng makakasalamuha niya ay mukha ng dating katipan ang nakikita niya?

God knows he already tried entering into a relationship again. Kahit noong nasa London pa siya, pero hindi niya talaga magawang lumimot. Nailing na tumitig siya sa kawalan. Naramdaman niya ang ginawang pagpisil ng kanyang tita sa kamay niya.

“Hindi ko sinasabing pilitin mo ang sarili mo. Just go with the flow. Enjoy yourself. Don’t run away from obvious admirers or probable prospects. Malay mo, isa pala sa kanila ang makakapagbigay ng kaligayahang hinahanap mo.”

He smiled bitterly. “Pero paano kung ganoon na naman ang mangyari? Or worst, what if I end up as the one hurting them?”

Tumayo si Tita Nellie at marahan siyang tinapik sa balikat. “Ikaw lamang ang makakasagot sa mga tanong na iyan, hijo. It’s all in your hands. Your judgement will make the call and determine the outcome,” matalinhagang payo nito bago siya iniwang mag-isa.

He sat there for several minutes, silently contemplating everything that she said. Napukaw lamang ang malalim niyang pag-iisip nang marinig

Heal My Heart - Doreen Laroya

ang isang tinig na tumawag sa kanyang pangalan. Muntik nang kumawala sa kanya ang isang ungol nang mapagsino ang may-ari nito. *Don't run away from obvious admirers!* naalala pa niyang payo ng kanyang tiya kani-kanina lang.

How come Dani's timing was always perfect? Napilitan siyang lingunin ang dalaga. Hindi niya maiwasang mapasimangot nang makita ang hitsura nito.

4

Okay na sana ang skinny jeans ng dalaga. Ang kaso ay palpak na naman ang pang-itaas nito. Isang malaking scarf lang yata iyon na itinali, haltered fashion, sa leeg at likod nito para masabing tinakpan ang bahaging iyon ng katawan. And for God's sake, she's not wearing any bra! And she was well-gifted on that part. Paano itong nagiging komportable sa ganoong ayos? He sure is not! Dahil unti-unti nang nararamdaman ni Grey ang paninikip ng pundilyo ng kanyang pantalon!

“Oh, ba't ganyan ka makatingin sa akin?” asked the husky feminine voice. Bakit pati tinig nito ay sexy sa pandinig niya? Umismid siya para itago ang pagnanasang hindi niya inaasahang mararamdaman kay Danielle.

“Talaga bang ganyan ka manamit?” di-makatiis na tanong ni Grey.

Nagkibit-balikat ito at painosenteng tiningnan ang sarili. “Why, what's wrong with my outfit? Disente naman, eh.”

“Disente? Tinatawag mong disente ang ganyang

ayos? Nag-topless ka na lang sana!” di-sinasadyang himutok niya. And he regretted his sudden outburst, dahil nagmistula siyang isang kasintahan na nanenermon ng girlfriend niya. At mukhang matalas ang pandama ng dalaga dahil isang pilyang ngiti ang kaagad gumuhit sa mga labi nito.

“Well, now that you’ve suggested it, I’m tempted to try it, pero...” Isang malisyosong tingin ang ibinigay nito sa kanya. Pakiramdam ng binata ay lalong tumaas ang blood pressure niya, and it has nothing to do with some chronic illness. “Baka sa presinto na ’ko damputin kapag nag-topless ako, kaya huwag na lang. Isa pa, it’s more exciting to leave something for the imagination!” patuloy ng babae.

Lalo siyang nakadama ng inis. Hindi lang pala ito bulgar manamit kundi maging sa pananalita. Ano ba ang nagustuhan dito ng tiyahin niya?

Padabog na kinuha niya ang walang lamang puswelo at nilagpasan si Dani upang pumasok sa kusina. Ngunit ilang hakbang pa lang ang layo niya rito ay muli itong nagsalita.

“Ang sabi ni Tita, hindi ka makaka-move on kung mananatiling sarado ang puso mo.”

Natigilan siya. Galit na hinarap niya ang dalaga.

“You’ve been eavesdropping?” halos pabulyaw na tanong niya. Dani remained unaffected by his anger. Para pa ngang mas naging challenge dito ang nakikitang galit niya.

“Hey, hindi ko kasalanan kung naabutan ko kayong nag-uusap ni Tita! Saka ano naman ang masama kung marinig ko?”

“It’s a family thing! At *hindi* ka kabilang sa pamilya namin!” he said harshly. Dani’s smile suddenly faded and a hurt expression appeared on her face.

“Ang sakit mo namang magsalita!” she accused.

Bumakas din ang pagsisisi sa kanyang mukha. It wasn’t her fault. At hindi rin niya maintindihan ang sarili. Wala namang ginagawang masama ang dalaga. In fact, she was being overly nice to him. But everything about her annoys him, at ngayon lang siya nakaramdam ng ganoon sa isang tao, at sa isang babae pa! Para hindi na lamang humaba ang diskusyon nila ay tinalikuran na niya ito.

“I brought your lunch!” narinig niyang pahabol na sigaw nito na hindi na niya pinansin. May dala itong pagkain sa magkahiwalay na *Tupperware*; ang isa ay naglalaman ng niluto nitong tahong na inadobo sa gata at ang isa naman ay kare-kare. Kung lumingon

lang si Grey, nakita sana niya ang malungkot na ngiti na sumilay sa mga labi nito. Nang makapasok ay nagkulong siyang muli sa kanyang silid. Doon na lamang niya hihintayin ang oras ng pananghalian.

Hindi namalayan ni Grey na muli siyang nakatulog. Nagising na lang siya sa sunud-sunod na katok sa pinto. Patamad siyang bumangon upang buksan iyon. Parang bulang nawala ang natitirang antok niya nang muling makita ang nakangiting anyo ni Dani. Awtomatikong nalukot ang kanyang mukha.

“Andito ka pa rin?”

“Bakit, pinalayas mo ba ako kanina? Sorry, mahina kasi ang pick-up ko sa ganoong mga bagay, eh!” papilosopong sagot nito. Naka-sideview sa kanya ang babae at nakasandal sa hamba ng pinto. Nakapamulsa ang dalawang kamay nito. At dahil wala itong suot na bra at maluwang ang tagiliran ng suot nito ay naaninag niya ang bahagi ng dibdib nito. And involuntarily, his body reacted! Napamura si Grey sa sarili.

Kung sinasadya ng dalaga na akitin siya ay malapit na itong magtagumpay. Dahil nang mga oras na iyon ay natutukso na siyang hilahin ito papasok sa kanyang silid, tanggalin ang kapirasong telang tumatakip sa dibdib nito at damhin ang bahaging

iyon na tiyak niyang magbibigay sa kanya ng walang katumbas na gloria.

Muli siyang napamura sa sarili. Dumadagundong sa lakas ang tibok ng kanyang puso at nagsisimula na rin siyang pagpawisan, sa kabila ng bukas na air-con sa kanyang silid. Bigla siyang tumalikod, dahil kung hindi ay ipapahiya lamang niya ang sarili. His arousal was becoming obvious!

“Ano’ng kailangan mo?” malamig na tanong ni Grey, thankful that his voice didn’t reveal the sexual hunger he was feeling.

“Handa na ang tanghalian. Ipinatatawag ka na ni Tita Nellie.”

“Sige na, susunod na ako.”

“Okay.” Narinig niya ang pagkilos nito. He half turned, expecting her to be gone. “And oh, Grey?” She paused. “I think you’d better get a cold shower first!” Humahagikgik na hinila nito ang pinto at isinara.

Damn! Grey cursed. Sa inis ay nadampot niya ang isang unan at ibinato sa saradong pinto. He could picture Dani’s mischievous face with her impish grin. Di-sinasadyang napayuko siya at nakita ang ibabang bahagi ng katawan. Napaungol siya. Kaya pala ganoon na lamang ang panunukso sa kanya ng

dalaga!

Sampung minuto rin siyang nagbabad sa shower bago bumaba upang kumain. Inaasahan na niyang kasalo nila sa tanghalian si Dani ngunit wala na ito. And he couldn't explain the sudden emptiness that he felt from not seeing her around.

Kasalukuyang nag-iinuman si Grey at ang mga kaibigan nito nang biglang bumukas ang gate at pumasok si Dani. Kaagad itong ngumiti nang makita siya. Hindi man gusto ay nakadama pa rin siya ng pananabik sa muling pagkakita sa dalaga. Ilang araw rin kasi itong hindi nagpakita sa kanila.

“Hi, guys!” bati nito sa kanila.

“Oh, Dani, long time no see. Lalo ka yatang gumaganda't sumeseksi ngayon,” bati ni Elmer.

“At lalo ding nadagdagan ang pagiging bolero mo!” ganting biro nito.

“Aba, hindi ako nagbibiro. Kung nagkataon ngang binata pa ako hanggang ngayon, liligawan talaga kita.”

“Naka! Tigilan mo na nga iyang ilusyon mo, pare,” sabat ni Julius. “Hindi ang ganyang hilatsa ng

pagmumukha ang magugustuhan ni Dani. Aba'y daig n'yo pa sina *Beauty and the Beast* pag nagkataon!" Malakas na tawanan ang sumunod. Maging siya ay natawa rin sa sinabi ng kaibigan.

"Eh, sino naman ang magugustuhan ni Dani? Iyong tulad mo?" muling buska ni Elmer kay Julius. Hindi pa man ito nakakasagot ay sumabad na ang dalaga.

"Actually, si Grey ang type ko."

Muntik nang maibuga ni Grey ang chaser na iniinom. Nasabi na ng kanyang tiyahin na prangka ang dalaga, ngunit hindi niya akalaing ganoon ito kaprangka. Not when all his friends were around.

Parang iisang tao na sabay-sabay na bumaling ang lima niyang kaibigan sa kanyang direksyon. Hindi naman niya malaman kung ano ang gagawin. Tumikhim na lamang siya bago inabot ang shot glass at nagsalin ng whiskey.

"Ano ba iyang iniinom ninyo?" parang balewalang tanong ng dalaga. Si Cesar ang sumagot. "Patikim naman!" ungot nito.

Inabot ni Paul ang shot glass na may lamang whiskey, ngunit bago pa nito maiabot iyon sa babae ay pinigilan na niya ito.

“Masyadong matapang iyan, malalasing ka.”

“Naku, si Dani pa! Pabayaang mo na, Grey, matibay naman ang bituka niyan,” pigil ni Paul.

Inalis nito ang pagkakahawak niya sa kamay nitong may hawak na baso, ngunit mabilis niyang inagaw iyon at inisang tungga lang ang laman. Gumuhit sa lalamunan niya ang mainit na likido. Ilang pares ng nagtataakang mga mata ang nakatitig sa kanya. Sa kanyang harapan ay tahimik lamang na nakatayo ang nakangiting si Dani.

“Oh, Grey! You’re so overprotective! How flattering!”

“I’m not trying to flatter you, Dani. I’m just saving you from making a fool of yourself. Matapang ang alak na ito at madaling makalasing. And besides, hindi gawain ng isang disenteng babae na makipag-inuman sa mga lalaki.” Sandali itong tumitig sa kanya. “Pero kung sabagay, I can’t seem to find anything decent about you!”

Nawala ang ngiti sa mga labi nito. Seryoso at derecho nitong sinalubong ang nanunuya niyang mga mata. Biglang napuno ng tensyon ang umpukan nila. Isa sa mga kaibigan niya ang tumikhim habang tahimik lamang na naghihintay ang iba sa gagawin

ng dalaga.

“Kaya ba, ganyan na lamang ang reaksyon ng iyong katawan kapag nakikita mo ako?” Now it was his turn to be surprised. He had underestimated her again.

He chuckled. “Hindi ko alam ang sinasabi mo, Dani. You must be out of your mind para isiping pinagnanasaan kita.”

“Sa mismong bibig mo nanggaling iyan, hindi sa akin,” nanghahamong sagot ng babae.

His lips formed a thin line. Bakas ang iritasyon sa kanyang mukha.

“Puwede bang umalis ka na? Nakakaabala ka lang dito.”

“Nakakaabala o nakaka-distract? Your friends seem to welcome my company here!”

“Well, I don’t!” Tumayo si Grey. His towering form made her back away a few steps. Pero sandali lang ang pagkabiglang ipinakita nito. “Wala akong pakialam kung ano man ang iniisip mo. I don’t want you! At kahit ano pa ang gawin mo, hinding-hindi ko matatanggap ang presence mo. Everything about you annoys me, kaya itigil mo na ang pagpapantasya

mong gusto kita dahil kahit kailan ay hinding-hindi mangyayari iyon!”

“Uhurm... ah, Grey, mukhang hindi naman tama ang—”

“Hayaan mo siyang magsalita, Elmer. Lasing lang iyan kaya nagwawala ng ganyan,” pigil ni Dani na pangiti-ngiti pa. Imbis na maalarma sa nakikitang pagkainis niya at masaktan sa kanyang mga sinabi ay waring naaaliw pa ito. Humakbang ito palapit ngunit kaagad ding hinarang ni Julius.

“Ah, Dani, pasensya na, ha? But I think mas makabubuting pumasok ka na lang sa loob.”

Tinitigan ito ng dalaga. Bandang huli ay bumuntong-hininga si Dani at yumuko.

“Well, I guess, tama ka. Masyado na ngang mainit ang hangin dito. Mukhang sasabog na nga iyang lolo n’yo, killjoy talaga!” pabulong at pilyang sabi nito.

Lalong nag-init ang ulo ni Grey. Nagsalubong ang dalawang kilay niya. “Naghahamon ka ba talaga ng away?”

“Hindi, ‘no! Iyang laki mong iyan hahamunin ko? Ano ako, sira? Baka kung saan ako pulutin pag inumbag mo ako!” painosenteng sagot ng dalaga at

nilagpasan siya para pumasok sa loob ng bahay. Hindi malaman ni Grey kung lalong maiinis o matatawa sa hitsura nito. Her face was so comical that he couldn't help but grin. Nailing na hinayaan na lamang niya ito. Sa pag-aakalang nakapasok na ang babae ay ipinagpatuloy niya ang pakikipagkuwentuhan sa mga kaibigan. Nagulat pa siya nang muling marinig ang tinig nito.

“Alam mo, Grey, hindi ako nagbibiro kanina nang sabihin kong type kita. If I remember it right, ang sabi ni Tita. ‘don't run away from obvious admirers’. And I obviously admire you so deductively speaking, what she meant was—don't run away from me!”

Sandaling niyang nilingon ang nakapamaywang na dalaga. “Ang lakas din ng fighting spirit mo, ha!”

“I don't back away from a challenge that easily.”

“At ako ang challenge na tinutukoy mo?”

“Maybe. Pero palagay ko nama'y hindi ako gaanong mahihirapan sa iyo. I doubt if you could hide inside that cocoon of yours much longer. Sa malao't madali'y ilalabas mo rin ang tunay na nararamdaman mo sa akin.”

Tumayo si Grey at lumapit dito. Hindi man lamang niya kinakitaan ng pangilingilag ang mukha

ng dalaga. At ayaw man niyang aminin, hanga siya sa lakas ng loob nito.

“Wala akong nararamdaman para sa iyo. And if ever I do feel something for you, it will be nothing but *annoyance!*”

“Well, it’s still an emotion. At madali kong mababago iyon.”

Hindi makapaniwalang napatitig siya sa mga mata nito. And he could see the determination in them. Seryoso nga ito at hindi nagbibiro. At hindi niya maintindihan kung bakit nakadama siya ng excitement sa kaalamang iyon.

“You know, for a petite lady like you, you have some guts! Baka pagsisihan mo lang ang mga sinabi mo?”

“Wanna bet?” Naghahamon ang tinig nito, gumuhit ang isang makahulugang ngiti sa mga labi. Lalong lumakas ang loob nito nang marinig ang pambubuyo ng mga kaibigan niyang matamang nagmamasid sa kanila. “Bakit hindi natin ito daanin sa pustahan?”

“Naloloka ka na ba?”

“Natatakot ka ba?” Hindi niya magawang sagutin

ang tanong ni Dani. “Let’s go out, have some time together. Gawin natin ‘yun araw-araw sa loob ng tatlong linggo.”

“And then?”

“Tingnan natin kung sino ang unang magsasawa, ang unang aayaw. Kapag ikaw ang nauna, then wala kang magagawa kundi pumayag na maging boyfriend ko. Pero kapag ako ang unang sumuko...” Lalo pa nitong pinaglapit ang pagitan nila. Halos magdikit na ang kanilang mga mukha, and he was tempted to taste her lips that instant.

“Then...” Sa kanyang pagkabigla ay dinama ng hintuturo nito ang ibabang labi niya. Napalunok si Grey bigla. At waring hindi pa nakontento, tumiyad pa ito at inilapit ang mukha sa kanyang tainga. “You could have your ways with me... anyway you want,” she drawled.

Muling gumalaw ang Adam’s apple ni Grey. Halos mag-igting na ang mga bagang niya sa pagpipigil na kabigin ito at halikan. He was feeling very hot!

“I could have you kahit pa hindi ka umayaw,” he blurted to mask the intense yearning he was feeling.

“I know, at hindi naman ako tututol. But then, kapag ginawa mo iyon, you’d have to marry me.”

“What?” di-makapaniwalang bulalalas niya. This woman was impossible!

“So do we have a deal? Payag ka na ba sa pustahan natin?” she bubbly said na para bang isang simpleng pustahan lamang ang mangyayari sa pagitan nila.

Biglang nagtawanan ang mga kaibigan niya.

“Pumayag ka na, Grey!” pambubuyo ni Elmer. Tinitigan niya ito nang masama.

“Oo nga, Grey!” segunda ni Julius. Parang chorus na nagsisunuran na ang iba.

“Paano ba iyan, mukhang outnumbered ka na?”

Matalim na mga titig ang ibinigay niya sa dalaga. Pero lalo pang lumapad ang pagkakangiti nito nang makita ang pagdidilim ng kanyang mukha.

“Alam mo, pumayag ka na kasi. Ano ba ang ikinatatakot mo?” pilyang tanong nito.

“Hindi ako natatakot!” Tinaasan lamang siya ni Dani ng kilay na lalo niyang ikinapikon. “Okay! Payag na ako!”

“Ayan...!” Parang batang tumalon-talon pa ito habang pumapalakpak. “O, ayan, guys! Kayo ang witness, ha?” Nagtawanan ang kanyang mga

kaibigan. “Sige, maiwan ko na kayo!” Iyon lang at parang bale-wala itong dumerecho na sa loob ng bahay.

Wala nang nagawa ang binata kundi ang sundan ng tingin ang papalayo nitong pigura. Nang mawala ito sa paningin niya ay umupo na si Grey sa tabi ng mga kaibigan. Eksaherado ang hiningang pinakawalan niya.

“Mukhang naisahan ka ni Dani,” tukso ni Paul. “Malakas ang tama niya sa iyo!” dagdag pa nito.

“Ganyan ba talaga ang ugali niyan?”

“Oo. Ganyan talaga kaprangka iyan. Sakyan mo na lang kasi hindi ka naman niya titigilan,” ani Carlos.

“Hindi nagtatagal ang pagkagusto ni Dani sa isang tao. Baka nga hindi pa natatapos ang pustahan ninyo, magsawa na siya. Pag nagkataon, makukuha mo pa siya.”

“Hindi ko naman ugaling manamantala ng isang babae,” katuwiran ni Grey.

“Sus! Believe me, kung kay Dani lang, hindi pananamantala iyon. Playgirl iyang babaeng iyan. Di siya kontento sa isang lalaki lang!”

Hindi niya maintindihan kung bakit, ngunit

Heal My Heart - Doreen Laroya

parang hindi niya nagustuhan ang sinabi ni Elmer.
At bakit may tinig na nagbubulong sa kanya na hindi
naman talaga ganoon kasama ang dalaga?